# "Kumain kami ng saḥūr kasama ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan. Pagkatapos ay tumindig siya papunta sa dasal." Nagsabi si Anas: "Nagsabi ako kay Zayd: Gaano katagal sa pagitan ng adhān at saḥūr? Nagsabi siya: Singtagal [ng pagbigkas] ng limampung talata [ng Qur'ān]."

Ayon kina Anas bin Mālik at Zayd bin Thābit, malugod si Allah sa kanilang dalawa, na nagsabi: "Kumain kami ng saḥūr kasama ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan. Pagkatapos ay tumindig siya papunta sa dasal." Nagsabi si Anas: "Nagsabi ako kay Zayd: Gaano katagal sa pagitan ng adhān at saḥūr? Nagsabi siya: Singtagal [ng pagbigkas] ng limampung talata [ng Qur'ān]."
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinababatid ni Zayd bin Thābit, malugod si Allah sa kanya, na ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, noong nakakain ng saḥūr, ay tumindig patungo sa pagdarasal sa madaling-araw. Nagtanong si Anas kay Zayd: "Gaano katagal sa pagitan ng adhān at saḥūr?" Nagsabi siya: "Singtagal [ng pagbigkas] ng limampung talata [ng Qur'ān]." Ang hayag ay na ang pagtataya ay mula sa mga talatang katamtam ang haba, na nasa pagitan ng napakahaba gaya ng nasa huling bahagi ng Kabanata Al-Baqarah at unang bahagi ng Kabanata Al-Mā'idah at ng napakaikli gaya ng nasa mga Kabanata Ash-Shu`arā', Aṣ-Ṣāffāt, Al-Wāqi`ah, at anumang nakawangis niyon.